ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 22 Oktubre 8-14, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

# OPERASYON KONTRA DROGA LALONG PINAIIGTING SA CAVITE

pahina 2




## RETIRADONG SARHENTO, ARESTADO SA BUY BUST

pahina 12

## DOE, PIA HOLD 'E-POWER MO' MULTI-SECTORAL FORUM IN TAGKAWAYAN

pahina 5

## PDEA DECLARES TAGAYTAY 'DRUG-FREE'

pahina 4

## Biado, Amit Bigo sa 2018 CBSA "Beijing-Miyun" 9-Ball International Championship

p.6

## PGC HOLDS THE 1st PROVINCIAL GAD CONVENTION

p.11

## DOH-CALABARZON PIONEERS APHERESIS BLOOD DONATION

p.7

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# OPERASYON KONTRA DROGA LALONG PINAIIGTING SA CAVITE

**PATULOY ang lalong pagpapaigting ng operasyon ng kapulisan sa Cavite kontra droga.**

Nabatid na kamakailan ay nagsagawa ng buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa lalawigan.

Isang hinihinalang drug pusher habang 7 pang katao ang naaresto sa operasyon.

Namatay habang ginagamot sa GenTri Medical Center ang suspek na si Alyazzariff Sahibuddhin, alias Payat, ng Tropical Village Pabahay 2000 Brgy. San Francisco, Gen. Trias City.

Sa report ng Gen. Trias Police Station kay Supt Paul Bometivo, hepe ng Gen. Trias City Police Station, dakong alas-12:30 ng tanghali nang ikinasa ang buy bust operation ng Drug Enforcement Unit (DEU) sa Pabahay 2000 sa Brgy San Franciso.

Isa sa kanila ang umaktong poseur buyer at nakipag-transaksiyon kay Sahibuddhin.

Gayunman, nang nalaman ng suspek na pulis ang kanyang katransaksiyon, nagbunot ito ng kalibre 38 na baril at ipinutok sa kanila subalit gumanti ang mga operatiba na nagresulta sa kamatayan nito.

Sa hindi kalayuan sa lugar, ikinasa rin ang buy bust operation sa Tropical Village, Pabahay 2000 Brgy. San Francsico kung saan naaresto sina Arnel Pedrera, 32 at Jennifer Francisco, 22, dakong alas-12:30 ng tanghali.

Samantala nadakip din ng GMA Municipal Police Station sina Renato Catan, alias Cocoy, 41, ng Brgy. Memije, GMA; at Jaime Sadie, alias Jonjon, 39, ng Brgy. Ramon Cruz, GMA, sa isinagawang magkasunod na buy bust operation dakong alas-4:30 ng madaling araw sa Brgy Memije at Brgy Ramon Cruz, GMA.

Bahagi pa rin ng operasyon ay hindi naman nakapalag nang arestuhin sina Danny Pilar, 31, ng Brgy. Silangan 1, Rosario; Manuel Buenaflor, 28, ng Brgy. Bagbag 2, Rosario; at Amorineo Balladares, alias Mong, 50, ng Brgy. Ligtong 1, Rosario nang nagsagawa ng buy bust operations ang Drug Enforcement Unit ng Rosario Municpal Police Station dakong alas-12:45 ng tanghali sa Barangays Silangan at Ligtong.

Nakuha sa pag-iingat ng mga suspek ang hinihinalang mga shabu.

Ang mga naarestong suspek ay pawang nakakulong sa Cavite Custodial Center kaugnay ng kasong paglabag sa R.A. 9165.

Sa Dasmarinas City naman ay mahigit P1 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang buy bust operation at nagresulta sa pagkakaaresto ng 14 na katao sa loob lamang ng magdamag sa magkakahiwalay na lugar sa lungsod.

Sa report ng Dasmarinas City Police Station kay Supt Nerwin Ricohermoso, OIC ng Dasmarinas CPS, dakong alas-5:30 ng madlaing araw nang nagsagawa ng buy bust operation sa Brgy. Sampaloc 4 na nagresulta sa pagkakaaresto nina Boy Jun Norcio, alias Gie, 22, buy and sell, ng Brgy Manggas 2, Alfonso; at Mikee Lavado, dalaga, ng 418 Sitio Pansol , Brgy Sampaloc 4, Dasmarinas City kung saan nakumpiska sa kanilang pag-iingat ang tinatayang 270.01 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng P1,836,680.

Dakong 12:30 naman ng madaling araw nang nagsagawa ng buy bust operation sa Brgy. San Isidro Labrador 1 kung saan naaresto sina Harris Noga, 32; Abelardo Domincel Jr., 46, at Rudy Genetia, 44, pawang residente ng ng Blk 127 Excess Lot Brgy San Isidro Labrador 1 kung saan nakakuha ng 9 na sachet ng hinihinalang shabu.

Dinakma naman sina John Carlo Perez, 18, ng Sitio Pansol 1, Sampaloc 4 ; Von Tyron Talatala, 19 ng Block 75 Lot 36 City Homes, Sampaloc 4; Jerimiah Baredo, 18, ng Blk 67 Lot 11 City Homes, Sampaloc 4 ; Junmar Cardinas, 49, ng Block 5 Lot 10 Bahay Pangarap, Sampaloc 4; Mc Khinley Reyes, 19, ng Block 47 Lot 17, Pabahay Pangarp, Sampaloc 4 ; Ferdinand Castro, 49, ng Block 6 Lot 10 City Homes, Sampaloc 4; at Gerardo Dario, 58, ng Blk 3 Lot 11 City Homes, Sampaloc 4 matapos ang ikinasang buy-bust operations dakong alas-2:00 ng madaling araw sa Brgy Sampaloc 4 kung saan 8 pirasong sachet ang nasabat.

Dakong alas- 5:00 ng madaling araw nang isagawa naman ang buy bust oerpations sa Brgy. Langkaan 1 kung saan inaresto sina Leafar Davila, 30, security guard, at Pinky Davila, 39, kapwa ng Lot 12 Lot 15 Brgy Langkaan 1 at nakuha sa kanila ang 18 pirasong sachet ng shabu. **GENE ADSUARA**



**NADAKIP** ng mga operatiba ni MPD Station 3 commander Supt Julius Cesar Domingo ang 9 katao na may kinalaman sa kasong paglabag sa R.A. 9165 sa magkakahiwalay na anti-drug operation kabilang ang isang ex-con na tulak na si alyas Ferdie na siyang nakuhanan pa ng video habang humihithit ng shabu sa kanyang bahay. Naaresto rin ng PS3 SDET sa pangunguna ni Sr/Insp Edison Ouano ang parokyanong si alyas Albert na naaktuhang bumibili ng droga sa naarestong suspek na tulak ng droga sa Sta. Cruz, Maynila. **(BRIAN GEM BILASANO)**

# SGLG Award

THIS year's prestigious Seal of Good Local Governance (SGLG) requires Local Government Units (LGUs) to meet the "All or Nothing" criteria set by the Department of the Interior and Local Government (DILG).

The City of Bacoor led by Mayor Lani Mercado Revilla together with Congressman Strike B. Revilla, Vice Mayor Karen Sarino Evaristo and the members of the Sangguniang Panlungsod for the 4th consecutive year was once again conferred with the Seal of Good Local Governance, the highest award given to the LGUs by the DILG.

This year, the criteria are elevated to involve all core and essential areas such as Financial Administration, Disaster Preparedness, Social Protection, Peace and Order, Business Friendliness and Competitiveness, Environmental Protection; and Tourism Culture and the Arts.

This year, only 24 LGUs from CALABARZON were awarded the SGLG composed of 2 Provinces, 16 Municipalities and 6 Cities including the City of Bacoor.

The City of Bacoor has demonstrated positive result in taking into account its local leadership and cohesive action in the city. Thus, proving the city's excellence and continuous improvement of its local governance.



ARESTADO ng mga operatiba ni MPD PS2 commander Supt Dave Antonio Mejia sa pangunguna ni SDET chief Sr/Insp Alfredo Tan ang sinasabing tulak ng iligal na droga na si Marianne Soriano, 32, ng Paganapin St., Tondo sa isinagawang buy bust operation kung saan nadakip rin ang 9 katao na parokyano kabilang pa ang isang babaeng buntis na runner umano ng droga sa naturang lugar. Ito ay batay sa pinaigting na anti-drug campaign ng pulisya. **(BRIAN BILASANO)**

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

# Dugo sa dugo

MADALAS nating naririnig na ano man ang mangyari ay hindi matitiis ang isang kadugo.

Kahit pa nakagawa ng pagkakasala, sa huli ay mapapatawad at mapapatawad pa rin.

Dahil nga sa sinasabing dugo sa dugo at laman sa laman ang nananalantay.

Halimbawang isa sa mga kapatid ang ginawaan ka ng kasalanan, darating ang takdang panahon para sa iyong pagpapatawad.

Maaaring tama dahil panahon na nga ang magtatakda para sa paggawad ng kapatawaran.

Subalit huwag naman sanang ipagkaloob ang pagpapatawad kung ang nagkasala ay nasa loob na ng kabaong o patay na.

Ganyan naman kalimitan, sa harap ng bangkay ay doon lamang ibibigay ang kapatawaran.

Usap lang po batay sa ilang ating nakadaupangpalad hinggil sa ganitong paksa.

Sabi ng iba ay puwede naman nilang ipagkaloob na ang kapatawaran gayunman ay mayroon ng lamat o distansiya.

Kumbaga ay mawawala na ang dating sigla o tamis ng relasyon bilang magkapatid o magkamag-anak.

Maibibigay nga ang kapatawaran subalit tila hindi naman na maibibigay pa ang dating tiwala.

Mahirap mamuhay sa sama ng loob o galit subalit sabi rin mahirap mabuhay sa pagkukunwari.

Sa madaling salita ay plastikan na lamang ang nag-uugnay kahit pa kayo ay magkadugo.

Bakit nga ba nangyayari ang ganito? Isa sa maaari nating sabihin ay ang matinding inggit.

Kapag naghari ang inggit kahit kadugo ay magkakaroon ng lamat ang relasyon.

Mas maganda pa siguro ay kung ibibigay ang pagpapatawad ay umiwas na lamang upang hindi na manaig ang pakikipagplastikan.

Minsan tuloy bawat isa sa atin ay napapaisip at nagtatanong kung totoo nga ba ang kasabihang 'blood is thicker than water.'



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## "Mga Kristiyano, dapat ng makialam sa mga halalan sa RP"

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "... `Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig'..." (ang Panginoong Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, sa Mga Gawa 1:8, Bibliya).

-ooo-

**"KAILANGAN NG MAKIALAM NG MGA TUNAY NA KRISTIYANO SA MGA HALALAN SA RP"**: Nagpapasalamat po ako sa pamunuan ng Capitol Christian Leadership, ang pinakamatagal ng samahan ng mga Born Again Christians sa Metro Manila at mga kanugnog na probinsiya, dahil sa kanilang paanyaya upang ako ay magsalita sa paksang "kailangan ng makialam ng puspusan mga Kristiyano sa mga halalan sa bansa".

Humarap ako sa grupong ito, sa ikatlong pagkakataon, noong Martes, Oktubre 02, 2018, sa paanyaya pa din ng kanyang president emeritus, Pastor Jojo Gonzales, at kasalukuyang pangulo, Ang Nars Party List Rep. Lea Paquiz.

Ang aking mensahe: kung hindi makikialam ang mga mananampalatayang Kristiyano sa halalan, kundi man bilang mga kandidato ay mga watchdog na titiyak sa kalinisan ng eleksiyon, mananatiling madumi at walang integridad ang halalan at ang mga naluluklok. Di nga ba, kung walang mga tunay na mananampalataya ng Diyos ang lalahok sa mga eleksiyon, mga kampon ng diyablo ang mamamahala sa pagpili ng sambayanan, o mga demonyo ang mga mananalo.

-ooo-

**MAGIGING MAHUSAY ANG BANSA SA MGA PINUNONG MAY TAKOT AT PAG-IBIG SA DIYOS:** Aking ipinaaalala sa mga pastor at mga mangangaral na dumalo sa pulong ng Capitol Christian Leadership na sa kasaysayan ng mga nananampalataya sa Diyos mula pa sa unang panahon (na mababasa sa Lumang Tipan ng Bibliya), ang mga may takot at pag-ibig sa Diyos ang ginagamit ng Diyos upang maging maayos ang kalakaran sa isang lugar o bansa.

Gaya na lamang sa kasaysayan ni Jose, ang isa sa 12 anak ni Jacob (o Israel), na ipinagbili ng kanyang mga kapatid dahil kinamumuhian nila ito ng labis. Sa panaginip ng Faraon (o hari) ng Egipto na di maipaliwanag ng mga salamangkero ng hari, naihayag ni Jose (na noon ay nakakulong) na ang mga panaginip na ito ay mga mensahe mula sa Diyos, ukol sa masaganang ani, at taggutom, na tatama sa bansa.

Noong marinig ng Faraon ang mga paliwanag ni Jose, kasama na ang mga panukala nito kailangang ang mamumuno sa Egipto sa mga panahong iyon ay yung taong pinananahanan ng Espiritu ng Diyos, kinilala ng Faraon na si Jose na nga ang taong pinananahanan ng Espiritu kaya't siya ang iniluklok bilang pangalawang hari ng Egipto. Naging masagana ang nasabing bansa sa pamumuno ni Jose, kaya't marami ang naligtas sa kamatayang dulot ng taggutom.

-ooo-

**MGA PINUNO NG BANSA, DAPAT MAY ESPIRITU NG DIYOS**: Sa aking pananaw na ibinahagi ko sa Capitol Christian Leadership, niliwanag ko ang mensahe ng Bibliya: kung ang mga namumuno ay may Espiritu ng Diyos, o di kaya ay may takot at pag-ibig sa Diyos, galit sa masamang kita, at may kakayahang mamuno, magiging masagana ang bansa kahit sa panahon ng pighati at pagdurusa. Hindi makakaranas ng hirap ang bayan kung ang mga pinuno ay patuloy na tapat sa kanilang pananampalataya sa Diyos.

Papaano ba maluluklok ang mga may pananampalataya sa Diyos bilang mga pinuno? Kailangang lumahok ang mga mananampalataya sa halalan! Kailangang magpapili sila sa mga manghahalal. At kailangang magpakatatag ang mga mananampalataya sa pagiging Kristiyano, o mga tagasunod ni Jesus, sa kanilang mga buhay.

Magbabago ang bansa, hindi dahil sa pagsusulong ng isang tao lamang, kahit na siya ay pangulo pa na makapangyarihan. Magbabago ang bansa kung tayong mga nananampalataya sa Diyos ay magbabago sa ating mga isip, salita, gawa, at hitsura, at magpapatotoo sa pag-ibig at kapangyarihan ni Jesus sa bawat isa sa atin. Ang pagbabago ay mag-uumpisa una sa ating mga sarili. Kung magbabago na tayo tungo sa katatagan ng pananampalataya sa Diyos, kakalat ito sa ating mga pamilya, mga kamag-anak, kapitbahay at sa iba pang mga lugar.

-ooo-

**MAKINIG, MANOOD:** Ngayon, ang "Ang Tanging Daan", isang Bible study at prayer session sa Internet, ay mapapakinggan at mapapanood na ng 24 ORAS, sa Pilipinas at sa buong mundo, sa Facebook, sa www.facebook.com/angtangingdaan . Telepono: 0933 825 1308, 0917 984 2468, 0977 805 9058. Email: batasmauricio@yahoo.com.

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Ganoon din

MAY babala ang Department of Trade and Industry laban sa mga bakery at panadero.

Kaugnay ito sa napipintong pagtataas sa presyo ng tinapay dahil naman sa pagmahal ng trigo at asukal.

Alam naman nating ang pandesal ay hinahanap-hanap na almusal ng nakararami.

Iba't iba ang ihinahahain sa hapag-kainan tuwing umaga subalit ang katotohanan ay pandesal ang mas paborito.

Kung magdadagdag sa presyo ng pandesal ay tatangkilikin pa kaya ito?

Pero ang sabi naman ni DTI Usec. Ruth Castelo ay hindi pwedeng magpataw ng dagdag presyo ang mga panaderya habang walang konsultasyon sa kanilang sa kanilang tanggapan.

Kaya nga nagpalabas ng babala ang DTI dahil inamin ng Philippine Association of Flour Millers na posibleng magmahal ang presyo ng tinapay.

Ang katwiran naman ng asosayon ay dahil naghigpit sa supply ng wheat o trigo.

Isa sa mga pangunahing sangkap sa paggawa ng harina, na gamit din sa naturang produkto, ay ang wheat.

Nakadagdag pa ang pagsadsad sa 42 porsiyento ang mababang supply ng asukal.

Ang kasunod siyempre ay ang pagmahal ng presyo nito mula P1,600 kada 50kg, na ngayon ay halos P2,000 na para sa parehong kilo.

Sa mga ganitong pangyayari natural na sadyang hindi mapipigilan ang price increase ng paborito nating pandesal.

Ang ginagawa naman sa kasalukuyan ng mga panadero ay pinaliliit ang pandesal upang manatili lamang ito sa akmang presyo.

Iyon nga lamang kung susumahin o titingnan ay halos parehas lamang.

Same price nga pero maliit na kaya ang resulta ay magdadagdag ka rin ng pandesal na bibilhin.

Halimbawang dati ay oks o ayos na ang halagang bente pesos palibhasa ay maliit na kaya ang bibilhin na ay halagang trenta pesos.

Anak ng saluyot, ganoon din. Masabi nga lamang na hindi nagtaas sa presyo, hehehe.

Ihanda na rin pala ang mga bulsa ninyo dahil may anunsuyo ang DTI hinggil sa kaunting taas presyo sa noche buena products.

Paskong tiis na lamang.

# EDITORYAL

## Walang ninakaw sa gobyerno

**MAGKAKAIBANG pananaw sa sinasabing tila direktang pag-amin ni Pangulong Rodrigo Duterte na nakagawa siya ng kasalanan dahil sa extrajudicial killings.**

**Maagap naman ang paglilinaw ni Duterte na kung tungkol naman sa korapsiyon ay wala siyang kinalaman.**

**Maituturing nga kaya itong isang uri lamang ng panghahamon kagaya ng naging pahayag ni National Security Adviser Sec. Hermogenes Esperon, Jr.?**

**Paghamon sa publiko lalo na sa mga kritiko ng pangulo na patunayan ang mga isyung ibinabato sa kanya sa usapin ng EJK.**

**Bakit naman nasabi ni Presidential Spokesperson Harry Roque na hindi seryoso ang pahayag ng Chief Executive?**

**Bagkus ay pagpapatunay lamang umano ito na si Duterte ay hindi corrupt at walang ninanakaw sa gobyerno.**

**Kayo na po ang humusga.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*
**JUNE BILLONES** *Managing Editor*
**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*
**MARLON BAGUS** *Associate Editor*
**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO** *Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# PDEA DECLARES TAGAYTAY 'DRUG-FREE'

**TAGAYTAY CITY, Cavite — This top highland tourist destination in Cavite province is now a "Drug-Free City," following the conferment by the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) in formal rites at the Tagaytay Convention Center on Tuesday.**

Mayor Agnes Tolentino rallied constituents to sustain this "very positive development" and honor for the city.

Tolentino also thanked Calabarzon Police Regional Office Director, Chief Supt. Edward Carranza; Cavite Provincial Director, Senior Supt. William Segun; and newly-installed city chief of police, Supt. Byron Tagle Tabernilla.

Tolentino addressed thousands of students, city folks, barangay and city officials, who, she said, "have every reason to celebrate freedom from illegal drugs".

The declaration was based on the city's compliance with the requirements set under Section 8 and 11 of the Dangerous Drug Board (DDB) Regulation No. 3, Series of 2017, entitled "Strengthening the Implementation of Barangay Drug Clearing Program."

Seeing the award more as a challenge, Segun encouraged the city police to further intensify its efforts to sustain the "drug-free" status.

"Otherwise, PDEA will recall it," he said.

"Itong recognition pong ito ay gagawin naming inspirasyon para lalo pang pagbutihin ang aming trabaho ang mapanatiling "Drug Cleared" status ang ating lungsod (This recognition serves as our inspiration to intensify our efforts to sustain the "Drug Cleared" status of the city)," Tabernilla said in an interview.

The city government also distributed the "Drug Cleared" tag to its 34 barangays during the awarding rites. ***(Dennis Abrina/PNA)***



Pinangunahan ni DOH Calabarzon Regional Director Dr. Eduardo Janairo ang pamamahagi ng mga walker, saklay, seat cane at first aid kit sa mga senior citizen na nanggaling pa sa iba't ibang lugar na siya namang ikinatuwa ng mga matatanda. **BOY NAMORA**




# KAPANIPANIWALA ANG PANIG NI DUTERTE KAYSA IBA PA

Sa mga natutunghayan nating mga balita mapa tv, radio at diaryo halos ang balita may mga grupo talagang nanggugulo sa administrasyong Duterte. Subalit patuloy itong pinasinugalingan na may plano upang patalsikin sa pagkapangulo ng bansa si Duterte. Samantala ang pinuno ng CCP-NPA patuloy sa pagpa interview sa tv at panghihikayat na mag aklas laban sa Gobyerno. Ano kaya ang ibig sabihin nito at guni –guni nga lang ba ito na gumagawa ng katakutang multo ang pamahalaan ng administrasyon.

Kung sabagay sa daming problema ng ating bansa at halos hindi makawala sa anino ni Sen. Trillanes ang mga mamahayag at sinusundan ng taongbayan ang mga susunod na pangyayari kung saan hahantong ang pag paaresto kay Sen.Trillanes na pakalabas ng senado hanggang sa makapagpyansa ito sa Makati at balik senado. Dinatnan pa ng nagaalimpuyong bagyong ompong nitong nakaraang lingo na halos pinadapa pa halos ang panig ng Luzon at sa Visayas lalot sa kahirapan lalong tumitindi sa arawaraw. Pati buhay ng iilang kababayan ay nadamay pa ng hagupitin ni ompong ang iilang lugar na dinatnan nito.

Sa kabila ng nagkaumpugang pangyayari tuloy parin ang paglaban ng pinoy sa mga dinaranas na problema sa buhay na sinasabayan pa ng nagtaasan ang mga bilihin at pahirapan sa NFA rice para sa pangkaraniwang hirap sa buhay ng ating mga kababayan at sinabayan pa ng taas presyo ng gulay at ilang pang kailangan ng taongbayan ultimo krudo halos di mapigilan sa pagtaas nito sana magawan ng tamang solution itong mga problemang dumaan sa buhay ng mga pilipino. Tigilan na nating ang bangayan at mahinahon lang solution hindi ang kaguluhan.

Tama na ang bangayan tulad ng sinasabi ng AFP nilinaw ng Chief of Staff Carlito Galvez Jr. na di kasama ang mga tagaLiberal Party sa mga nagpaplano parailunsad ang Red October Plot upang mapatalsik ang Pangulong Duterte. May sinabi ring ito na NPA ang direktang may alamsa plano atpilit nakikipagugnayanang mga komunista grupo sa ibat ibang samahan na kritiko ng administrasyong Duterte ouster move. Sa kabila nito ayaw mapaniwala ng Malacanang na di totoo ang mga plano sa RED OCTOBER PLOT na ito.

Maging mapaghanda sa mga kaganapan at sana maiwasan ang mga kaguluhan dito sa ating bansa para maging masaya ang bansang pilipinas kung sama sama at hindi watak watak ang mamamayanmalapit na ang kapaskuhan sana bigyan natin ng kasiyahan an gating mga kababayan sa kabila ng paghihirap basta samasama ang buong pamilya at walang kaguluhan at nagkakaisa masarap damahin ang nalalapit na kapaskuhan at bagong taon bagong buhay at samasama an g lahat tungo sa pagbabagong buhay.

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to friday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/8978374 o kayay magtext sa cp no. bilang 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live youtube rj am Makati facebook rj am Makati at sa facebook dzrj 810 am and streanline just type www.ustream tv/channel/dzrj 810 am. Salamat po.






**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC, CAVITE**

**IN THE MATTER OF JOINT LEGAL ADOPTION OF MINOR MARY GRACE VENIZ COMAS,**

**SP.PROC. NO. NC-2018-27**

**SPS. APOLINAR HIERCO, JR. AND AMILYN H. HIERCO**
Petitioner.
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

**O R D E R**

A petition has been filed by Sps. Apolinar Hierco, Jr. and Amilyn H. Hierco, praying for the adoption of minor Mary Grace Veniz Comas on the grounds therein alleged.

Notice is hereby given that the petition has been set for hearing on October 24, 2018 at 8:30 in the morning in this court, on which date, hour and place, interested parties may appear and show cause why the petition should not be granted.

Let copy of this Order and the petition be furnished the Office of the Solicitor General and the Department of Social Welfare and Development. The latter is hereby directed to conduct a case of the petitioners and the minor to be adopted, and submit a report to this court as soon as possible.

Let this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite and in the Philippines.

**SO ORDERED.**

Naic, Cavite, July 25, 2018

**LERIO C. CASTIGADOR**
Judge

**HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

# DOE, PIA HOLD 'E-POWER MO' MULTI-SECTORAL FORUM IN TAGKAWAYAN

**TAGKAWAYAN, Quezon (PIA)- Around 250 attendees composed of barangay officials, students, members of Kalipunan ng Liping Pilipina (KALIPI) and officers and Sangguniang Kabataan members attended the ' E-Power Mo' multi-sectoral forum at Tagkawayan executive hall, this town.**

The forum, which was held on September 17, is a joint project of the Department of Energy (DOE) and Philippine Information Agency-Region-4A in cooperation with the municipal government of Tagkawayan, Quezon and QUEZELCO- 1 which aims to increase the level of awareness of the local residents of Tagkawayan on energy efficiency and conservation.

Resource speaker in the forum was Engr. JR Thadeus Arche, WESM Trader, QUEZELCO 1 who discussed energy efficiency and conservation tips to the attendees.

According to Engr. Arche, energy conservation is the effort made to reduce the consumption of energy by using less of an energy service. This can be achieved either by using energy more efficiently or by reducing the amount of service used.

He also explained that energy conservation also reduces the need for energy services and can result in increased environmental quality, national security, personal financial security and higher savings. It also lowers energy costs by preventing future resource depletion.

Arche also said the following are the simple ways of conservation: Replace incandescent bulb with a compact fluorescent lamp or LED bulb; use appropriate wattage for the lighting purpose; Plan the location of lighting fixtures; Turn off lights that are not needed; Clean the fluorescent lights regularly, accumulated dust and dirt can decrease the illumination of lights; and use natural lighting when feasible.

Part of the program was the open forum where the attendees asked questions about energy efficiency and conservation to the resource speaker.

PIA-Quezon Infocen Manager Joselito Giron thanked Engr. Arche and Tagkawayan Mayor Jose Jonas Frondozo for supporting the multi-sectoral forum. **(Ruel Orinday, PIA-Quezon)**



## HELMET

**ni FREDDIE MANALAC**

## PEDRO "MATON" SANCHEZ, JR.-HORSE TRAINER

SI Pedro "Maton"Sanchez,Jr. ay isa sa magaling na horse trainer o taga-pangalaga ng mga pangarerang kabayo dito sa ating bansa.

Sa edad na pitong taong gulang ay nagpapasyal na siya ng mga kabayo sa loob ng kuwadra ni Ginoong Edgard Salvador. Ang lolo niya si Mang Pitong Clor ang nagturo sa kanya ng mga pamaran kung paano alagaan ang isang kabayo.

Ang trabaho o gawain ng isang horse trainer ayon kay Pedro ay dapat maaga kang gigising. Pakakainin, bibigyan ng tamang gamot ang mga alaga mong kabayo. Babantayan mo rin ito habang iniinsayo ng hinete.

Labing-apat na taon na o mahigit pa ngayong horse trainer si Sanchez. Tiyuhin niya ang mga sikat na horse trainer na sina Ruben Clor, Jose Clor at David Clor. Sa mga tiyuhin niya nakuha ang husay a pag-aalaga sa mga pangarerang kabayo.

May dalawa siyang kapatid na hinete, Si Rolan at Renato C. Sanchez. Ama nila si Jockey Peter.

Isa rin siya sa naging opisyal sa mga director ng Philippine Horse Trainers Association.

**OOO**

Ang kabayong Boy Paradise na pag-aari ni Ginoong Reli De Leon ay tatlong beses na nagtamo ng pagkatalo simula ng ito ay itakbo mula sa matagal na bakasyon.

Sabi ng isang karerista ay baka nanibago si Boy Paradise dahil sa tagal na hindi ito itinakbo ng may-ari. May pitong sunod-sunod na panalo ito at bigla itong pinagpahinga sa paglaban.

Ito kaya ang dahilan kung bakit hindi na makuha ni Boy Paradise na Manalo sa mga kalaban niya.

**ABANGAN PO NATIN!**

**OOO**

Binabati natin ng Belated Happy Birthday ang kaibigan natin si Lorenzo S. Camero ng External Affair & Relation, Special Service ng Senado.

Sama na rin natin ang grupo ng maniniyot ng Senado, MPD Press Corps, Rex, Arce at ang mga "ADDICT" sa karera na grupo Wanna Bet OTB.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC CAVITE**

**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,**
Applicant/Assignee,

**FNC-2018-1689**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135 As Amended by Act4118 Mortgagors

**-versus-**

**GABRIEL PILLERBA and RURAL BANK OF AGDANGAN, (QUEZON), INC**
Borrower/Mortgagor, and
Mortgagee/ Assignor, respectively.

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by **BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,** mortgagee, with office address at Bangko Sentral ng Pilipinas Complex, A. Mabini corner P. Ocampo Sts., Malate, Manila against **GABRIEL PILLERBA,** borrower/ mortgagor, with residence address at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, and **RURAL BANK OF AGDANGAN (QUEZON), INC**. mortgagee/ assignor, with office address at Agdangan, Quezon, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION EIGHTY-SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED EIGHT PESOS and 45/100 (P1,087,508.45),** Philippine Currency, excluding past due interest and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **October 17, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of office of the Ex- Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**DECLARATION OF REAL PROPERTY TAX NO. 14-0010-00126 (new)/ 97-05158 (old)/ 2616-R (old)**

A parcel of residential lot situated at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, Municipality of Mendez, Province of cavite, Island of Luzon, bounded by the properties, NORTH by Adriano Perey; SOUTH by Florencio Ruraldo; EAST by Gabriel Pillerba; WEST by the Creek; containing an area of SEVEN HUNDRED FORTY-THREE (743 sq.m.) including all Improvements thereon.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and encumbrances thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-schedule date, said auction shall will be reset and finally held on October 31, 2018 at the same place and time above mentioned

Naic, Cavite, **August 22, 2018**

**MA. CAROLINA M. POTENTE**
OIC-Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS**
Bangko Sentral ng Pilipinas Complex
A.Mabini corner P. Ocampo Sts.
Malate, Manila

**GABRIEL PILLERBA**
Barrio Anuling, Mendez, Cavite
**RURAL BANK OF AGDANGAN (QUEZON), INC.**
Agdangan, Quezon

**PUBLICATION: HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

# Biado, Amit Bigo sa 2018 CBSA "Beijing-Miyun" 9-Ball International Championship

**NAPURNADA ang pinakamimithing gold medal sa kampanya nina Carlo Biado at Rubilen Amit ng Pilipinas matapos matalo sa kani-kanilang semifinals matches , sa tinampukang 2018 China Billiards and Snooker Association (CBSA) "Beijing-Miyun" 9-Ball International Championship na ginaganap sa Miyun Youth and Children's Palace, New South Road sa Miyun District sa Beijing, China.**

Natalo si Biado kay Kong Dejing ng China , 3-11, sa men's final four, habang tiklop naman si Amit kay Fu Xiaofang ng China, 8-9, sa isa pang women's final four. Naibulsa nina Biado at Amit ang tig 60,000 RMB matapos makaabot sa semis.

Makakalaban ni Kong Dejing si NaoyukiOi ng Japan sa finals na bingo naman si Xu Xiaocong ng China (11-5) sa isa pang semi-final round affair. Nakapuwersa naman si Fu Xiaofang ng all-Chinese finale matapos ang kanyang kababayan na si Wang Xiaotong ng China ay pinadapa si Chou Chieh Yu ng Chinese-Taipei (9-8) sa isa pang final four matches.

Ang magkakampeon sa bawat division (men's at women's 9-ball singles competition) ay tatangap ng top prize 240,000 RMB habang nakalaan naman sa runner-up place ang 120,000 RMB sa event na inorganisa ng Sports Bureau of Miyun District, Beijing, Sports Federation of Miyun District, Beijing at Billiards Association of Miyun District of Beijing, at hosted ng China Billiards and Snooker Association (CBSA).

Nakapasok si Biado sa semis matapos daigin sina Duong Hoang ng Vietnam (11-8) sa Round of 16 at Chang Jung Lin ng Chinese-Taipei (11-9) sa Round of 8, habang angat naman si Amit kina Bai Ge ng China (9-8) at Han Yu ng China (9-5), ayon sa pagkakasunod.

Tumapos sina Jeffrey Ignacio at Johann Chua sa top 32, habang sina Roland Garcia at Jeffrey de Luna ay nakaabot naman sa Top 64.

Si Puyat Sports official Christine "Ish" Caparras ay nasa Miyun District sa Beijing, China din.

Sina Biado at Ignacio ay muling masisilayan sa 2018 Chinese 8-ball tournament sa Shenyang, China

Matatandaan na sina Biado, Ignacio, Chua, Garcia at pool maestro Efren "Bata" Reyes ang nirendahan ang Team Philippines sa 13-10 victory kontra sa host Chinese-Taipei sa 2018 Pool Classic Competition na tinampukang Taiwan versus Philippines na ginanap sa Taroko Mall sa Taichung City,

Ang Chinese-Taipei squad ay binubuo nina Ko Pin Yi, Ko Ping Chung, Chang Jun Ling, Chen Yu Chung at Yu Huan Chang. Natangap ng Team Philippines ang 10,000 US Dollar sa kanilang impressive performance habang naiuwi naman ng host Chinese-Taipei ang 5,000 US Dollar sa kanilang efforts.

Binati naman ni Long Time-billiards patron Aristeo "Putch" Puyat, presidente din ng Billiards Sports Confederation of the Philippines (BSCP) ang Team Philippines sa kanilang tagumpay sa 2018 Pool Classic Competition sa Taichung City, Taiwan na nagsasabing muling pinatunyan ng mga Filipino pool masters ang pagiging"world class" sa larangan ng billiards sa pandaigdigang torneo.**(Marlon Bernardino)**






**PARA GAMES** / Ang POWERLIFTING team sa kanilang pagharap sa sports media para sa send-off mass ng Para athletes na kalahok sa 3rd Asian Para Games na gaganapin sa Jakarta Indonesia ginanap ang send - off sa Dad's Edsa. kasama sa larawan ang mga opisyal na sila TRAP President Tom Carassco, PHILSPADA President Mike Barriedo, PSC Commissioner Charles Raymond Maxey at PSC Comm. Raymond Agustin **(RGN)**

# Guaranteed P400,000 total cash prizes sa nalalapit na Tagum Fiesta National Open Rapid Chess

Sinabi ni Fide National Arbiter Joseph Gener "Jojo"Palero ay masisilayan sa first day sa nasabing event features ang 3x3 event na kung saan ang isang koponan ay puedeng mag field ng tatlong manlalaro na ang Team average rating ay 2100 and below base sa August 1 NCFP rating list kung saan ay ipapatupad ang Seven Round Swiss-System, 15 minutes plus 3 seconds increment time control format.

Ang magkakampeon ay tatangap ng P100,000 at elegant trophy habang nakalaan sa runner-up ang P50,000 at sa third-placer ang P30,000. May maiuuwi naman ang fourth hanggang seventh na tig P25,000, P20,000, P15,000 at P10,000 ayon sa pagkakasunod.


Nakalaan naman sa eight hanggang 10th placers ang tig P6,000 habang sa 11th hanggang 15th placers ay tig P5,000 Ang Antipolo City ay ipapadala nila ang Antipolo City Youth Chess Club squad na rerendahan naman nina Fide Master Christopher Castellano, Jayson Levin Tapia at Team Captain Jason Rojo kung saan si Sonny Dela Rosa ang siyang aaktong coach ng nasabing koponan.

Tampok naman sa second day ng event na magkatuwang na inorganisa nina Board Member Alfred De Verya III at Hon. Homer A.Rotulo ang Open individual tournament na ang magkakampeon ay tatangap ng lion share P30,000 habang ang maghahari naman sa kiddies Under 14 event ay makapag-uuwi ng P5,000.

Para sa iba pang karagdagang impormasyon maaring tumawag o mag text kina Raquel Ocariza (0939-918-0384), NA Cecilio "Ely"Acas (0942-494-8672), FNA Joseph Gener "Jojo" Palermo (0946-406-7722) at NA Alfred Moulic (0906-790-0514) para sa dagdag detalye. **(Marlon Bernardino).**



**PTA GRAND MASTER** / MAKABULUHANG pananalita ang ibinahagi ni PTA Granmaster Sun Chong Hong para sa mga atleta opisyal at iba pang naruruon sa ginanap na 2O18 National Inter-School Taekwondo Championships opening ceremony saRizal Memorial Coliseum. **(RGN)**



**COLUMBIAN VS MAGNOLIA** / NAGHAHANAP ng mapapasahan sa tagpong ito si Columbian forward Glenn Khobuntin ng makurner sa depensa ng katunggaling si Rodney Brondial Magnolia Hotshots sa kanilang mahigpit na tagisan sa 2018 PBA Governors Cup sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**

# Engineer Vergel Recaido handa na sa pagdedepensang titulo sa J&P 10 Ball Cup Championships

**NAKAHANDA** na si engineer Vergel Recaido na idepensa ang tangan na titulo sa pagsargo ng 7th annual J&P 10 Ball Cup Championships sa Oktubre 19, 2018 na gaganapin sa Superbowl Makati Cinema Square sa Makati City.

"Im very happy to be in the upcoming 7th annual J&P 10 Ball Cup Championships and I'm also happy because despite hectic schedule I can defend my title," sabi ng 35-years-old Recaido, presidente ng Copper Electronics Expertise, Inc. na tinalo si Tristan Aguas, 7-4, sa finals sa last year's edition na magkatuwang na inorganisa nina long-time billiards patron sportsman/businessman Aristeo "Putch" Puyat at DMC Entertainment and Production management boss Jesse Gonzales Cambosa Sr.

"J&P is basically an executive type of amateur pool tournament and acknowledge as the most popular pool amateur tournament in the country." sabi ni Jesse Gonzales Cambosa Sr., newly installed director ng Billiards Sports Confederation of the Philippines (BSCP) sa magiting na pamumuno ng presidente na si Aristeo "Putch" Puyat.

Si Recaido ay sariwa pa sa third place finish sa CueSpot Lounge 8 ball tournament nitong Setyembre 9, 2018. Ilan sa mga inaasahan ng magbibigay ng magandang laban ay sina Architect Eric Salud, Dr. Christian Mancao, Broadcaster Sam Nielsen Sarmiento, Banker Mel Austria, Businessman Michael Cua and Esteban Robles, Artist Popoy Cusi at Blogger Leslie "Anitokid" Mapugay.

Kalahok din sina expat players Tim Gosnell, Jean Michel Berille at Jason Pye. Ang 10-ball event ay bukas sa lahat ng executive amateur players sa bansa kung saan nakalaan sa magkakampeon ang P40,000 at trophy, habang maibubulsa naman ng second placer ang P20,000 at makokopo naman ng third placer ang P10,000.

Ang rest of the Top 16 ay tatangap ng tig P5,000 sa fourth hanggang 8th place, at P1,000 para sa 9th hanggang 16th placers. Inimbitahan ng organizers sina pool maestro Efren "Bata" Reyes, Johann Chua at Carlo Biado para magsagawa ng opening ceremonies.**(Marlon Bernardino)**



**LPU VS MAPUA** / MATIKAS na bumigay ng pag buslo si LPU forward Jaycee Marcelino kontra sa depensa ng katunggaling si Spencer Prieta ng Mapua sa ilang bahagi ng kanilang laro sa NCAA 2018 Season 94 sa Fil Oil Flying V Arena San Juan.**(RGN)**

# DOH-CALABARZON PIONEERS APHERESIS BLOOD DONATION

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) was recently given recognition by the Philippine Blood Center for being the first regional office to conductthe first Mobile Apheresis Drive Blood donation in the country.**

"The purpose of the activity is to promote voluntary blood donation, and introduce volunteer blood donors to new technologies in blood donation like the use of apheresis machine, its benefits and advantages in blood collection," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"In addition, this initiative is to show the regional office's commitment and support to the National Voluntary Blood Services Program (NVBSP) by regularly conducting blood donation and piloting the 1st Platelet Apheresis Drive among its employees", he emphasized.

There was a total of 25 successful whole blood donations and 6 apheresis derived platelet concentrate collected.

In apheresis blood donation, the blood goes through a special machine to separate it, so that only certain parts of blood are collected. Each unit is separated into various blood components including red blood cells, which carry oxygen around the body; platelet cells, which help the blood to clot; and plasma, the liquid part of blood which contains all of the clotting, immune and other proteins.

